# Basag-Trip si Rizal
## *(O, Kung Paano Maging Baitang ng Nasyonalismo ang Kamalayang Pangkasaysayan, Pagsasakripisyo at Pagbibigay-kahulugan)*

**FERDINAND JARIN**

Halos wala nang nagla-like na *Millennials* sa mga post ni Rizal sa Facebook. Mahilig na raw kasing mag-post ng sermon. Mahilig manermon. Para daw pari o pastor sa pulpito. Parang istriktong Propesor. Daming nasisita at sinisita. Tawagin ba naman sila ni Rizal na mga "entitled assholes" nang minsang gumaya ito sa kanilang pagra-rant.

Napalitan ng pagka-badtrip ang kanilang paghanga sa pambansang bayani. Marami tuloy sa mga "na-hurt" ang nagdasal na magkaroon ng forever si Rizal. Manahimik forever. Kumbakit naman daw kasi bigla itong sumulpot muli, nabuhay muli, sa hindi maipaliwanag na dahilan. *It's a miracle!* Lakas maka-Jesus Christ. Buhay na buhay. "*In the flesh, in your face*", 'ika nga ng kasabihan. Tuloy, gustong dagdagan ng mga "nasesermonan" ng *"WTF! 1,000,000,000x"* ang kasabihan.

*Punyeta naman kasi, e! Sino ba nagturo kay Pepe mag-FB?!* Tanong-post ng isa.

Sabi pa nila, dapat daw kasi, nanatili na lang siyang subject na requirement sa kolehiyo. Pampagulo lang daw sa buhay. Ng kanilang *individual life*. Lakas daw maka-basag ng trip.

Kasunod nito, nag-

trend sa FB ang petmalu nilang hashtag:

#HowtoKillRizal?

Harsh.

## ANG TEMPOCENTRIC NA PULPITO: PANINITA AT PAG-AALALA

Siyempre hindi totoong pangyayari ito. Pero kung naging totoo ito, walang ipag-iiba ang karakter ni Rizal sa fiction na ito sa mga matatandang (mula pamilya hanggang akademya) mahilig mag-isip at magsabi ng "mas mainam pa noong panahon namin".

Tempocentric. Kontra-bagong tempo. Natural na yatang ugali ito ng mga tumatanda. Mga nawalan na raw kasi ng moment to shine. Gusto pa ring iparamdam sa lahat na sila'y nagma-matter. Lagi na lang walang nakikitang maganda sa bagong panahon. Laging iginigiit ang panahon nila. Mga malalakas ang *sepanx (*separation anxiety). Di maka-move-on.

Isang realidad sa buhay, sa ilang pagkakataon, na kontrabida ang turing natin sa sinumang nanenermon ukol sa pagsasabi ng mga pagkukulang at/ o kamalian natin, na madalas ay produkto naman ng sobrang pagsunod sa sariling interes. Salarin ang taong ito sa pagkilala natin sa sarili. Ang isang dahilan: Tila niyuyurakan nito ang ating individuality o pagiging unique.

Kaya? Di kaya ito ay simpleng pagsita lamang at napagkakamalan nating sermon dahil sa madalas ding didaktikong tono nito?

May kasabihang walang maninita kung walang sumosobra.

Ang panenermon madalas ay may layunin ng paninita. Ang paninita ay maaaring ituring bilang isang uri ng pagpapaalala. Kaya nga madalas magmula ito sa mga magulang at iba pang itinuring na taong maaaring gumabay kaninuman sa labas ng ating mga tahanan. Ibig sabihin, mga taong nag-aalala. Malalapit na tao. Pero dapat ding pakatandaan na ang pagiging tempocentric ay hindi monopolyo ng mga nakatatanda. Dahil natural ang paninita, swak ito *for all ages*. Ibig sabihin, mas maraming kaedad ng sinisita ang naninita, nag-aalala. Kaya magiging popular ang kasabihang "a true friend stabs you in the front". Kaya maaaring sabihin na ang paninita ay produkto rin ng pagsasalin ng isang masusing obserbasyon sa oral o nakasulat man na pagpapahayag.

At noon pa man, hindi lingid sa atin, si Rizal ay mahilig ng magpahayag ng kanyang obserbasyon. Patunay dito ang inisyal na tuklas ni Rizal sa mga

gawi ng kanyang mga kapwa-estudyanteng Pilipino na nasa Madrid noon:

> "Karamihan ay natutulog hanggang tanghali, puro barkadahan at nagkukumpulan, ang kanilang mga araw (sa mga sandaling gising sila) ay gugol sa sugal o sa kapihan, ang mga gabi sa pambabae. Mabutingting sa pananamit at asta-astang konyo, pinakaseryoso na sa usapan nila, pakli nga ni Rizal, kung ilan ang bilang ng butones sa isang kapa."

Ang obserbasyong ito ni Rizal ay siya ring dominanteng obserbasyon patungkol sa henerasyong millennials sa kasalukuyan. May ilang obserbasyon na mas nauuna pa nilang isipin ang isusuot sa klase kesa sa paksang pag-aaralan dito. Ang pagkakaroon ng mga terminong tulad ng "walwal" ay pagpapanatili pa rin ng estado ng literal na lasing na hindi na kayang kontrolin ang kanyang mga ginagawa. Patunay din ang pag-usbong na parang kabute sa kasalukuyan ng mga Food Park na tila nagiging bukambibig at isip ng mga estudyante bilang isa sa mga pangunahing lunan ng sosyalisasyon. At wala pa dito ang sandamakmak na nauuso o ipinapausong mga anyo ng makabagong recreational activities. Malinaw na mahilig pa rin sila sa pag-iisip ng panandaliang kasiyahan. Kaya't maitatanong talaga: Ano ang konsepto ng kasaysayan at nasyonalismo sa kanilang kamalayan? O naiisip pa nga ba talaga nila ito? Ano talaga ang espesipikong pakahulugan nila dito labas sa malawak at gasgas na kahulugan nitong "pagmamahal sa bayan?"

## ANG KAMALAYANG PANGKASAYSAYAN BILANG HUGUTAN NG POKUS AT PANANATILI

Nangangailangan ang kasalukuyang henerasyon ng mga kabataang Pilipino ng malakas na kamalayang pangkasaysayan o sense of history. Sinasabing ang henerasyong ito ay isang henerasyong "maraming isini-save sa kompyuter pero tila kulang ang isini-save sa memorya." You Only Leave Once (YOLO) ang isa sa mga paborito nilang islogan ng pag-iral. Kaya siguro iilan sa kanila ang nais tumanaw sa likod, humakbang paatras.

Sa isang sanaysay, sasabihin ng manunulat na si Rolando Tinio na lagi't laging may birtud at talino ang paglalakad-paatras. Maaaring ipagpalagay sa sinasabing ito ni Tinio na anumang paglalakbay

ng isang naglalakad-pasulong ay mabisang magpapausbong ng kabuluhan ng mga kahulugan ng pagmamahal sa bayan, kung kikilalanin din na ang mga pansamantalang paghinto at pagtanaw sa landas na nalakaran. Sa usapin ng memorya, isang malaking pakikibaka sa kasalukuyan kung nakapasok ba sa memorya ng kasalukuyang henerasyon ng kabataang Pilipino ang memorya ng kanyang bansa.

Ang pagkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan ang magtitiyak sa malalim na pagsusuri ng kabataan sa anumang *trending* na kaisipan at gawain na umiiral sa kanilang panahon gamit ang lente ng mga natutunan nila sa pag-aaral sa nakaraan. Halimbawa'y sa lubha nilang pagkahilig sa mga Food Park, fancy foods, at cooking shows, naiisip kaya nila ang kasalukuyang kalagayan ng malnutrisyon sa bansa o di kaya'y ang malawak pa ring sitwasyon na marami pa rin ang nagugutom sa ating bansa? Sa kanilang paghahanap sa "Forever" at walang tigil na pagpapahayag ng emosyon sa pag-ibig, natatanong pa ba nila ang punto ng kanilang pag-iral o kung ano nga ba ang dahilan kumbakit sila nagiging mamamayan ng isang lipunan? Lilitaw ang hamon ng mga kaedad nilang nagpalit ng kasarian tulad ni Jake Zyrus o di kaya'y ang pagpapaparetoke ni Xander Ford at tatanggapin nila ito, subalit lalagpas kaya sa pagpapalit at retoke ang pagpapakahulugan nila sa sariling identidad? Ang sunod-sunod na mga mala-showbiz na proposals mula engagement hanggang pakikipag-date ay magtutulak kaya sa kanila na maghangad o magtanong sa tunay na kahulugan ng pakikipag-relasyon. Makalilikha sila ng mga terminolohiyang kanilang-kanila na nagpapakita ng pagkagulat o pagwawala tulad ng *Shookt at Walwal* subalit hanggang saang lebel sila makikisangkot sa mga ligalig ng kanilang lipunan gaya ng nakaambang pagbabalik ng Batas Militar sa bansa, extra judicial killings, at pagkailalim ng bansa sa pamumuno ng isang popular subalit pasistang Pangulo? Kung hindi magkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan, ang konsepto ng pagkilala at pagbibigay-kahulugan ng henerasyong *millennials* ay baka mapako na lamang sa loob ng Ai-Ai, Me-me, Myself na sinasabi ng kritikong si Rolando Tolentino at hindi tutungo sa pagkilala sa kapwa at bayan.

Ang pagiging *Lodi* at *petmalu* ay tila produkto ng kawalang-saysay na ng mga termino sa isang henerasyong bumabaha ng mga termino o labels. Sa mga nakaraang

panahon, iiwasan ng mga dating henerasyon ng kabataan ang sila'y mabansagan basta-basta, kung para sa kanila, ito'y hindi nararapat. Ganoon kabanal ang tingin sa bawat salita, bawat label. Sa kasalukuyan, umaalagwa ang mga termino o labels. Napupunta sa mga direksyong di pa natin alam at di pa tiyak pero nakakatawang ang mga umaalagwa ay naghahanap ng "forever."

Dahil lalakas ang kapangyarihan ng Social Network sa kasalukuyang panahon, magkakaroon din ng kapangyarihan ang bagong henerasyon na mag-opinyon. Hindi masama ito kung lilingunin ang pinakalayunin nitong kalayaan sa pamamahayag. Pero sa usapin ng pagsisinsin, mukhang karamihan dito ay produkto lamang ng emosyon at mababaw na pagsusuri lalo ukol sa isang napapanahon o trending na usapin. Idagdag pa na maraming obserbasyon, partikular ng mga Guro, na hindi palabasa o hindi mahilig magbasa ang karamihan sa bagong henerasyong ito. Ang diskurso o pagpapataas sa lebel na ito ay mapupunta lamang sa pang-uuyam sa isang opinyon o *Bashing*. Marami ang mahusay humusga/ magtantiya / kumilos / pumuna sa Facebook subalit kapag niyaya sa mas kongkretong pagkilos tulad ng pakiki-rally sa kalsada para mas maigiit ang protesta, hindi mapapapunta. Tila henerasyon ito ng ilang aktibista at mas maraming *slacktivist*.

Tuturuan ng kamalayang pangkasaysayan na magkaroon ng pokus ang isang tao. Magkaroon ng tuon sa pagkilala sa kasalukuyan gamit ang lente ng nakaraan. Dahil kung hindi ito mapapayabong sa kasalukuyan, sarap ma-imagine na muli ngang mabubuhay si Rizal para manita at sabihin niyang "ang henerasyon ng kabataan ngayon, bukod sa walang kamalayang pangkasaysayan, hindi marunong magsakripisyo. Napaka-temporal ng kanilang pag-iral, mula isip hanggang sa mga ikinikilos. Ang mga puso't diwa nila ay tila ayaw manatili upang pag-aralan ang kalagayan ng kanilang bansa at kapwa-mamamayan."

## ANG SAKRIPISYO BILANG BAGAY NA MAS MALAKI ANG KABULUHAN

Madalas nating marinig mula sa ating mga guro noon ang malaking sakripisyong inilaan ni Rizal para magkaroon ng katuparan ang kanyang layunin. Partikular ang iwanan ang kanyang pamilya sa Calamba at ang naging epekto nito sa kanyang ama.

> "Matapos ang isang buwan, dumating ang kinasasabikang unang liham mula kay Paciano, nagsasaad kung paano tinanggap ng kanilang mga magulang ang balita ng kanyang pag-alis, kung paanong nagkasakit ang kanyang ama at hindi maalo-alo…"

Lubos na mahirap sa damdamin ng isang umalis ang malaman na ganito ang kinahinatnan ng isang mahal sa buhay dulot ng kanyang pag-alis. At tunay ngang malaking sakripisyo. Maitatanong tuloy, bukod sa pagnanais makatapos sa kursong medisina, ano nga ba ang driving force na nagtulak kay Rizal para tiisin ang mga bigat ng kalooban at ipagpatuloy ang kanyang adbokasiya para sa bayan?

> "…naisip ni Paciano na dapat niyang ipaalala sa kanyang kapatid ang mga tunay nitong layunin: Sa pagpapalagay ko, ang pangunahing layunin ng iyong pag-alis ay hindi ang pagpapakadalubhasa subalit sa ibang bagay na mas malaki ang kabuluhan …"

Ang malaking kabuluhan na ito ay ang paghahanap ng mga paraan, gamit ang kanyang talino, sa gabay na rin ng mga talino ng kanyang mga kapwa-estudyante sa Madrid na nagmamahal sa bayan, upang mabago ang kondisyon ng bansa mula sa mga pang-aabuso ng kolonyalistang Espanya. Mas malaki pa ito sa kanyang sarili. Sa kanyang pagiging indibidwal.

Kuwestiyonable ang isang nauusong islogan ngayon na ibinabandila ng isang malaking network sa telebisyon. "Ako ang simula ng pagbabago!" Sa konteksto na nagsisimula ang pagbabago sa sarili, malinaw ang islogan na ito. Pero masarap ding hamunin ng tanong: "Anong uri ng pagbabago? Saan patungo ang pagbabagong ito?" O siguro mas mainam sabihing nasa sarili ang simula ng pagbabago kung tatanggalin ang makasariling interes ng sinuman. Mas mainam tanggalin ang sarili para sa mas tunay na pagbabago. Dito pa lamang magkakaroon ng tunay na kahulugan ang sakripisyo.

May mga nagsasabing produkto ang henerasyong millennials ng kaisipan ng kanilang mga magulang noon, na karamihan ay mga dating henerasyon ng dekada '90 na "kapag sila'y nagkaanak, hindi nila mararanasan ang mga hirap na dinanas ko." Isang dakilang pangarap/ ideya ito ng isang magulang. At mukha namang nagkatotoo sa mas marami. Nagsilbi itong motibasyon para magsikap ang mga bagong magulang at nang magkaanak, binusog ang mga naging supling ng pagmamahal, nga lamang, mas marami yata ang

nagsakongkreto ng pagmamahal na ito sa pagbibigay ng mga materyal na bagay sa kanilang mga anak. Pero mukhang nagkaproblema sa pagtingin o palagay ng mga millennial sa kanilang mga sarili.

Di kaya dito umusbong ang paniniwalang sila'y entitled sa lahat ng bagay at di dapat nakakaranas ng paghihirap? Na kapag nahirapan sa inaaral ay *nosebleed* na agad at di na tatangkain pang magsaliksik sa panahong isang *click* na lang halos ang kanilang gagawin at mababasa na nila ang mga datos na kailangan nila.

Kung usapin lamang ng hirap at sakit ng kalooban na nagsilbing timon at gasolina kay Rizal para mas manindigan sa kanyang adbokasiya, may bibigat pa ba sa sitwasyon noon nang pag-initan ang kanyang ina dahil di nito masabi ang buo niyang pangalan na nagresulta ng pagpapalakad sa sakiting matanda ng kilo-kilometro? Lalo na nang kamkamin ang kanilang lupa ng mga Dominikano maging ang lupain ng kanyang mga kababayan sa Calamba.

> "Kapanabay nito ay ginigiyagis rin ang personal na buhay at pag-iisip ni Rizal ng pag-aalala sa kinahinatnan ng kanyang pamilya, nasadlak sa mga problema ng asyenda ng Calamba."

Isipin na lamang na nasa malayong lupain si Rizal nang mga panahong ito. Nagtitiis na kumain ng panis o di kumain ni mapalabhan ang mga damit dahil umaasa na lamang ng panggastos sa mga bigay-bigay ng mga kaibigan. Malayong-malayo ito sa pagiging broken-hearted lamang at ang hirap sa mundo ay nararamdaman lamang sa "i love you, it hurts..." na pagkilala ng isang henerasyon.

## ANG MAKABAYANG SENSIBILIDAD AY BUNGA NG PAGBIBIGAY-KAHULUGAN

Namamayani na raw sa kasalukuyan ang ideolohiya ng *Post-truth*. Isang kaisipan na hindi na mahalaga ang ibig-sabihin at katuturan ng mga bagay sa paligid ng isang indibidwal. Higit nang pinapahalagahan ang nararamdaman ng isang tao sa halip na magkaroon ng kritikal na pagbibigay-kahulugan sa mga bagay-bagay. Tila ang anumang nakakaharap na sitwasyon o kondisyon ay mga pira-pirasong art papers na isinabog sa ere at kung anong mga kulay ang bumagsak sa ulo, ito na lamang ang ibig sabihin. Kung totoo ito, malaki nga ang magiging problema ng kasalukuyang henerasyon ng kabataan sa paghahanap ng katotohanan. O kung nais pa nilang maging

okupado sa paghahanap ng katotohanan.

Pero ang anumang nararamdaman ay produkto ng pagbibigay-pakahulugan. Ibig kayang sabihin nito, marami na sa ngayon ang nagpapahayag ng nararamdaman na hindi nakabatay sa naging kahulugan sa kanila ng naranasang sitwasyon o kinapaloloobang kondisyon?

Malamang sa malamang na magreresulta ito ng isang sitwasyon na kahit negatibo ang epekto ng isang namamayaning kalakaran sa mas maraming bilang ng mamamayan sa isang lipunan, tatanggapin ito bilang bahagi na talaga ng pamumuhay sa kasalukuyang panahon. Natural ang pagkakaroon ng iba't ibang pananaw at sagabal lamang ang paggigiit pa ng isang pananaw. Natural talagang hit or miss ang ating karanasan sa mga patakaran ng natural na iba't ibang ugali at paninindigan ng isang namumuno. Natural talagang may mamamatay, maraming mamamatay sa paglaban sa droga kesehodang totoo o hindi na ang namatay ay totoong "nanlaban."

Noon pa man ay nabigyang-kahulugan na ni Rizal ang magiging negatibong resulta ng *Fake News*. Ito ang magtutulak sa kanya upang lumiham at sitahin ang kapwa-estudyanteng si Graciano Lopez Jaena:

> "Mag-ingat kayo sa pagsingit ng anumang kasobrahan o pagsisinungaling o sa panggagaya roon sa mga gumagamit ng panloloko o wikang imbi at di marangal para makuha ang kanilang ninanais. Magsumikap kayong gawing makatarungan, tapat, at makatotohanan ang diyaryo, para igalang ang inyong kuro-kuro."

Samakatwid, ang pagbibigay-kahulugan ay magtuturo sa ating pumanig lagi sa ating pinanininindigang paniniwala. Kesehodang sitahin natin ang sinumang sa palagay natin ay lumalabis o nagkukulang lalo sa usapin ng pagiging isang mabuting mamamayan: Isang mamamayang makabayan.

Ituturo din ng pagbibigay-kahulugan ang artikulasyon kung paanong maaaring magbago ang isang pananaw sa paraan ng pakikibaka. May pahiwatig si Rizal ukol dito sa maaaring hindi na nito pagiging mabisa. Ayon sa kanyang liham kay Blumentritt:

> "Ang pakikibakang payapa ay lagi nang magiging isang pangarap, sapagka't hindi matututuhan kailanman ng Espanya ang ibinigay na aral ng kanyang mga dating sakop sa Timog Amerika... Maaaring matamo tuwina ng Espanya ang pagmamahal ng mga Pilipino kung ang Espanya lamang ay magiging

makatuwiran!"

Hindi *Havey* ang pagra-rant kung hindi natin alam ang kahulugan ng ating nira-rant.

## BASAG-TRIP NGA BA SI RIZAL?

Siguradong OO ang sagot kung tatanungin ang mga bagong henerasyon ng mga kabataan na hindi kayang magsakripisyo labas sa sarili, ayaw hanapin ang kahulugan sa mga samo't saring sitwasyon na kanilang nararanasan at ayaw pag-aralan ang nakaraanupang mas lubos na maunawaan ang mga nararanasang kondisyon ng pamumuhay ng kanilang mga kababayan sa kasalukuyan.

At kung ito ang sagot ng mas marami sa kanila, hindi na kailangan ang #HowtoKillRizal?.

Dahil araw-araw na nilang pinapatay si Rizal.◆

## MGA SANGGUNIAN:

Blurb ni Rolando Tolentino sa Anim na Sabado ng Beyblade at iba pang Sanaysay. F.P. Jarin. Pasay City: Visprint Publishing Inc., 2013. Limbag.

Austin Coates. "Rizal: Makabayan at Martir" Salin sa Filipino ni Nilo S. Ocampo. Quezon City: University of the Philippines Press, 1995. Limbag.

Rolando S. Tinio. "Panitikan Para sa Kaisahan ng Bayan" mula sa Karanasan: Mga Huwaran at Pagsasanay sa Magandang Pagpapahayag. Buenaventura Medina, et al. National Books Store, Inc., 1977. Limbag.

SI FERDINAND PISIGAN JARIN ay Propesor ng Wika at Malikhaing Pagsulat sa Division of Humanities, College of Arts and Science, Unibersidad ng Pilipinas-Visayas. Bilang manunulat, nagawaran na rin siya ng Don Carlos Palanca Memorial Award for Literature, UP ICW Madrigal-Gonzales Best First Book Award at National Book Award. Maaari siyang makontak sa kampaylakbay21@gmail.com.